Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

21 Mayo 2017 Ika-6 na Linggo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay Taon A

PAG-IBIG NA PINATUTUNAYAN SA GAWA

Ngayong Ika-6 na Linggo ng Muling Pagkabuhay, hinahamon tayo ng Panginoong Hesus na patunayan ang ating pag-ibig sa kanya sa pamumuhay na itinuro niya sa atin. Kung paanong pinatunayan niya ang kanyang pag-ibig sa atin sa pagkamatay niya para sa ating kaligtasan, dapat nating patunayan ang pag-ibig natin sa kanya sa pamamagitan ng pamumuhay para sa kanya. Saka natin malalasap ang kasaganaan ng pagmamahal ng Ama.

Sa ganang sarili, di natin kayang tumugon nang gayon, pagkat mahina tayo at pabagu-bago. Kailangan natin ang tulong ng Banal na Espiritu at ang pamamagitan ng ating Mahal na Ina. Ipinagkaloob na ni Hesus mismo si Maria para maging ina natin nang siya'y nagdurusa sa krus, at ang Banal na Espiritu sa araw ng kanyang muling pagkabuhay. Sa bisa ng dalawang Tagapagtaguyod na ito, patuloy tayo sa pagsisikap na mamuhay na tumutugon sa pag-ibig ng Panginoong Hesus.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Buong galak na ilahad upang marinig ng lahat ang ginawang pagliligtas ng Panginoong malakas. Aleluya ang ihayag!

Pagbati

***P*–** Pagpalain si Hesukristo, ang matuwid na taong namatay para sa atin. Ang kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat!
***B* – At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

***P*–**Ipinaaalaala sa atin ngayon ni Hesus na ang ating pag-ibig sa kanya ay marapat na patunayan sa ating pamumuhay. Saglit nating alalahanin kung lahat ng ating gawa'y patunay nga ng ating pag-ibig sa Panginoon. *(Manahimik saglit.)*

P –Sa mga pagkakataong ang aming pag-ibig sa iyo'y sa salita at mga panlabas na palatandaan lamang, Panginoon, kaawaan mo kami!
***B* – Panginoon, kaawaan mo kami!**

P –Sa mga pagkakataong nagkulang kaming gumalang at makitungong maayos sa aming kapwa, lalo na sa mga di mabait sa amin, Kristo, kaawaan mo kami!
***B* – Kristo, kaawaan mo kami!**

P –Sa mga pagkakataong namuhay kaming walang pagpapahalaga sa iyong paanyayang makiisa sa iyo at sa Ama, Panginoon, kaawaan mo kami!
***B* – Panginoon, kaawaan mo kami!**

P – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B* – Amen!**

Papuri

***B*–** Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

***P*–**Ama naming makapangyarihan, gawin mong sa masasayang araw na ito ng aming pagdiriwang sa pagkabuhay ni Kristo kami'y makaganap ng pagdiriwang na wagas upang ang aming ginugunita ay lagi naming matupad sa gawa sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* – Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa *Gw 8:5-8.14-17*

Ang matagumpay na pakikipaglaban sa masasamang espiritu na pinasimulan ni Hesus ay patuloy sa pamamagitan ng diyakonong si Felipe at ng mga Apostol, sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Siya rin ang ating pinakamahusay na Kapanalig sa gayon ding pakikipaglaban natin.

L – Pagpapahayag mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Noong mga araw na iyon: Nagpunta si Felipe sa isang lunsod ng Samaria at ipinangaral doon ang Mesiyas.

Nang mabalitaan ng mga tao at makita ang mga kababalaghang ginagawa niya, pinakinggan nilang mabuti ang sinasabi niya. Sapagkat ang masasamang espiritu ay umaalis sa mga taong inaalihan nito at sumisigaw habang lumalabas; maraming lumpo at mga pilay ang napagaling. Kaya't nagkaroon ng malaking kagalakan sa lunsod na iyon.

Nang mabalitaan ng mga apostol na nasa Jerusalem na tinanggap ng mga Samaritano ang Salita ng Diyos, sinugo nila roon sina Pedro at Juan. Pagdating doon, ipinanalangin nila ang mga Samaritano upang sila'y tumanggap din ng Espiritu Santo, sapagkat hindi pa ito bumababa sa kaninuman sa kanila. Sila'y nabinyagan lamang sa pangalan ng Panginoong Hesus. At ipinatong nina Pedro at Juan ang kanilang kamay sa kanila at tumanggap sila ng Espiritu Santo.

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan *Awit 65*

B – Sangkalupaang nilalang, galak sa Poo'y isigaw!

R. M. Velez



*** Sumigaw sa galak ang mga nilalang! At purihin ang Diyos na may kagalakan; wagas na pagpuri sa kanya'y ibigay! Ito ang sabihin sa Diyos na Dakila: "Ang mga gawa mo ay kahanga-hanga."** ***B.***

*** Ang lahat sa lupa ika'y sinasamba, awit ng papuri yaong kinakanta; ang iyong pangala'y pinupuri nila. Ang ginawa ng Diyos, lapit at pagmasdan, ang kahanga-hangang ginawa sa tanan.** ***B.***

*** Naging tuyong lupa kahit yaong tubig, at ang nuno natin ay doon tumawid; kaya naman tayo'y nagalak nang labis. Siya'y naghaharing may lakas ang bisig.** ***B.***

*** Lapit at makinig, ang nagpaparangal sa Diyos, at sa inyo'y aking isasaysay ang kanyang ginawang mga kabutihan. Purihin ang Diyos! Siya'y papurihan, yamang ang daing ko'y kanyang pinakinggan, at ang pag-ibig n'ya ay aking kinamtan.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa *1Ped 3:15-18*

Pinaaalalahanan tayo ngayon ni San Pedro, bilang mga tunay na disipulo ni Kristo, di tayo dapat padaig sa panganganino. Bagkus, dapat tayong magsikap na himukin ang mga di sumasampalataya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng ating mabuting halimbawa at kabaitan sa ating pananalita.

L – Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pedro

Mga pinakamamahal: Idambana ninyo sa inyong puso si Kristong Panginoon. Humanda kayong lagi na magpaliwanag sa sinumang magtatanong sa inyo tungkol sa inyong pag-asa. Ngunit maging mahinahon at mapitagan kayo sa inyong pagpapaliwanag. Panatilihin ninyong malinis ang inyong budhi upang mapahiya ang mga umaalipusta at tumutuya sa inyong magandang asal bilang mga lingkod ni Kristo. Higit na mainam ang kayo'y magdusa dahil sa paggawa ng mabuti, sakali mang loobin ito ng Diyos, kaysa magdusa kayo dahil sa paggawa ng masama. Sapagkat si Kristo'y namatay para sa inyo. Namatay siya dahil sa kasalanan ng lahat – ang walang kasalanan para sa mga makasalanan – upang iharap kayo sa Diyos. Siya'y namatay ayon sa laman, at muling binuhay ayon sa Espiritu.

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

Aleluya *Jn 14:23*

***B* – Aleluya! Aleluya!**
Ang sa aki'y nagmamahal, tutupad sa aking aral. Ama't ako'y mananahan.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Jn 14:15-21*

Sa kanyang pagpapaalam, pinatunayan ni Hesus ang kanyang pagiging mapagbigay at mahigpit – dalawang palatandaan ng tunay na pakikipagkaibigang tungo sa pakikipagkaisa sa kanya at sa Ama, salamat sa pananatili ng Banal na Espiritu.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan
***B* – Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad: "Kung iniibig ninyo ako, tutuparin ninyo ang aking mga utos. Dadalangin ako sa Ama, at kayo'y bibigyan niya ng isa pang Patnubay na magiging kasama ninyo magpakailanman. Ito'y ang Espiritu ng katotohanan, na hindi matanggap ng sanlibutan sapagkat hindi siya nakikita ni nakikilala ng sanlibutan. Ngunit nakikilala ninyo siya, sapagkat siya'y sumasainyo at mananahan sa inyo.

Hindi ko kayo iiwang nangungulila; babalik ako sa inyo. Kaunting panahon na lamang at hindi na ako makikita ng sanlibutan. Ngunit ako'y makikita ninyo; sapagkat mabubuhay ako at mabubuhay rin kayo. Malalaman ninyo sa araw na yaon na ako'y sumasa-Ama, kayo'y sumasaakin, at ako'y sumasainyo.

Ang tumatanggap sa mga utos ko at tumutupad nito ang siyang umiibig sa akin. Ang umiibig sa akin ay iibigin ng aking Ama; iibigin ko rin siya, at ako'y lubusang magpapakilala sa kanya."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!
***B* – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos,

Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

***P*–**Nagpapasalamat tayo sa Panginoon sa kanyang ipinangakong Banal na Espiritu at kanyang pagtitiyak na hindi niya tayo uulilahin. Taglay ang matibay na pananalig sa kanyang "Diyos sa atin," idulog natin sa kanya ang ating mga kahilingan at manalanging:

***B*–Panginoon, ikaw ang aming pag-asa at lakas!**

* Na ang buong Simbahang Katolika, ang mag-anak ng Diyos sa lupa, ay manatiling kasama ni Hesus sa pakikipagkaisa sa Ama at pamamatnubay ng Espiritu, manalangin tayo! ***B.***

* Na patuloy tayong pukawin ng Santo Papa at lahat ng ating mga pinunong espirituwal sa kanilang mabuting halimbawa, palakasin tayo ng kanilang pagdarasal, at patnubayan tayo sa kapangyarihan ng Espiritu, manalangin tayo! ***B.***

* Na panaigin ng mga pinunong pambayan ang batas at ang kapakanan ng mga hamak na tao, tulad ng mga walang lupa, walang tirahan, o walang hanapbuhay, manalangin tayo! ***B.***

* Na ang mga taga-Israel at Palestina ay matutong mamuhay sa maayos na pakikipagtulungan sa lupang dumanas na ng labis na patayan at pagkamuhi, manalangin tayo! ***B.***

* Na dinggin nating lahat at sundin ang mga utos ng Diyos, sa udyok ng pag-ibig sa Kanya at paghahangad na maging kalugud-lugod sa Kanya, manalangin tayo! ***B.***

* Tahimik nating idulog ang ating mga pansariling kahilingan. *(Tumigil sandali.)*

Manalangin tayo! ***B.***

P **–**Panginoong Hesus, ikaw ang bukal ng aming pag-asa at kaligtasan. Patuloy mong ihanda ang aming mga puso para sa pagtanggap ng iyong Espiritu ng Kabanalan, habang pinagsisikapan naming patunayan ang aming pag-ibig sa iyo sa pagtupad namin sa aming pang-araw-araw na tungkulin. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman!
***B*–Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*–** Manalangin kayo . . .
***B*– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

***P*–** Ama naming Lumikha, paakyatin mo sa iyong piling sa kalangitan ang aming mga panalanging kalakip ng haing mga alay upang ang mga pinagindapat mong gawing dalisay ay maging marapat na makasalo sa piging ng iyong pagmamahal sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*– Amen!**

Prepasyo ng Pagkabuhay II

***P*–**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan lalo ngayong ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Sa paghahain ng sariling buhay at sa pagkabuhay ng Anak mong mahal, nabuksang ganap ang iyong tahanan at kaming pinaghaharian mo'y naging kasambahay. Sa pagkamatay niya sa krus, nalupig ang kamatayan. Sa kanyang pagkabuhay, naging buhay siya ng tanan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
***B*– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

***B*– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

PAKIKINABANG

***B*– Ama namin . . .**
***P*–** Hinihiling namin . . .
***B*– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

***P*–** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Kung ako ay mamahalin, mga utos ko'y tutupdin at sa inyo'y susuguin, Patnubay sa inyong piling. Aleluya ay awitin!

Panalangin Pagkapakinabang

***P*–** Ama naming mapagmahal, kaming pinapagsalo mo sa pagkabuhay ng iyong Anak ay papaki-

nabangin mong lagi sa kanyang lakas bilang bungang masagana ng dulot mong pagliligtas sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen!**

PAGWAWAKAS

***P* –** Sumainyo ang Panginoon.

***B* – At sumaiyo rin!**

***P* –** Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos.

(Manahimik saglit.)

Pagkalooban nawa kayo ng Diyos, na makapangyarihang Ama, ng biyayang mamuhay bilang mga tapat na alagad ng Kanyang Anak.

***B* – Amen!**

***P* –** Tulutan nawa ng Diyos, na mapagmahal na Anak, na malasap ninyo ang pananatili niya habang nagsisikap kayong tumupad sa inyong mga tungkulin.

***B* – Amen!**

***P* –** Puspusin nawa kayo ng Diyos, na Kabanal-banalang Espiritu, ng Kanyang biyaya, lakas, at kasiyahan.

***B* – Amen!**

***P* –** Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

***B* – Amen!**

***P* –** Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon!

***B* – Salamat sa Diyos!**

makinig. Kapanalig. Veritas846 RADYO TOTOO The Catholic Radio
veritas846kapanalig www.veritas846.ph @kapanalig

ANG PAGSUBOK AT BUNGA NG TUNAY NA PAG-IBIG

Ang pabigkas na pagpapahayag ng ating pananampalataya at ating pag-ibig kay Kristo ay mabuti at kailangan. Ngunit bukod sa salita – at higit pang mahalaga – ay ang *ating pagpapahayag ng pananampalataya sa kanya sa ating pamumuhay.*

Higit na malakas ang gawa kaysa salita. Laganap sa mundo ang mahuhusay na mananalumpati at tagapangaral, ngunit kulang na kulang namang lagi sa mga tunay at tapat na Kristiyano. Para sa karamihan sa atin, ang tunay na Kristiyanong pamumuhay ang tanging pagpapahayag ng tunay na pag-ibig na maidudulot natin, at siya ring tanging katanggap-tanggap sa maraming tao. Ang pagsubok ay wala sa pulpito, ni hindi sa mikropono ng himpilan sa radyo o telebisyon. Ito'y nasa ating pamumuhay – kung paano tayong nakikitungo sa Diyos at kung paano natin tinutugunan ang pangangailangan ng ating kapwa . . . malapit man o malayo.

Ang pagtugon sa pag-ibig ni Kristo sa ating buhay sa patuloy na katapatan (at di lamang paminsan-minsan) ay isang mabigat na gawain. At malimit tayong mahina. Malimit tayong mag-atubili at magpabaya! Alam ito ni Hesus, kaya naman pinangakuan niya ang kanyang mga disipulo (at tayo) na di niya tayo uulilahin *(sangguniin Jn 14:18).* Nangako siyang mananatili sa atin hanggang sa wakas upang tayo'y gabayan at tulungan. *(Sangguniin Mt 28:20.)*

Ang pananatili ni Hesus ay mabisang pinaiiral sa atin sa pamamagitan ng Espiritu, ang pinakadakilang Kaloob ng Panginoong Muling Nabuhay. Maaaring maghirap tayo sa buhay at maaari rin tayong pag-usigin dahil sa ating katapatan sa Diyos. Nangyari na ito kay Hesus. At tiyak itong mangyayari rin sa atin kung mananatili tayong tapat sa kanya. Makatutulong kung aalalahanin natin ang sinabi ni Pedro: *"Higit na mainam na kayo'y magdusa dahil sa paggawa ng mabuti, sakali mang loobin ito ng Diyos, kaysa magdusa kayo dahil sa paggawa ng masama" (1 Ped 3:17).*

Maaari tayong magkamali paminsan-minsan, ngunit ang isang tunay na disipulo ay laging bumabangon at nagsisikap, sa kabila ng lahat ng kahirapan sa loob at sa labas. Sa gitna ng lahat ng kahirapan, tandaan natin ang pangako ni Hesus: ***"Ang umiibig sa akin ay tutupad ng aking mga salita; iibigin siya ng aking Ama, at kami'y sasakanya at mananahan sa kanya . . ."*** *(Jn 14:23)*

Ang mga salitang ito ay marapat tandaan at paniwalaan. Ang katuparan nito ang tunay na ikapagtatagumpay ng ating buhay.

Abot-kamay na ninyo ang Salita ng Diyos.

CHRISTIAN COMMUNITY BIBLE
(Catholic Pastoral Edition)



at

BIBLIA NG SAMBAYANANG PILIPINO
(Katolikong Edisyong Pastoral)



Sa napakamurang halaga . . .
At may kasamang paliwanag para sa higit na pag-unawa at pagpapahalaga sa Banal na Kasulatan

Mabibili na ngayon sa Word & Life Religious Store

WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • ***Telefax:*** 894-5241 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, R. Molomog, V. David, K. Dy, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua